






# KASAYSAYAN NG MARSO 8

Center for Women's Resources

YEARS OF SERVICE
Since 1982

**Ang Marso 8, Pandaigdigang Araw ng Kababaihang Anakpawis ay paggunita sa mahigit na daang-taon nang ipinaglalaban ng kababaihang anakpawis sa iba't ibang bahagi ng mundo para sa kanilang karapatan.**

Ang maagang yugto ng ika-20 siglo ay rurok ng sistemang kapitalismo sa mga bansa sa kanluran. Kasabay ng mabilis na pag-usad ng teknolohiya, pagsirit ng produksyon, at paglobo ng kapital sa mga empresa ay ang sistematikong pagsasamantala sa uring manggagawa, kasama ang kababaihang manggagawa.

Ang ganitong kalagayan ang nagbunsod sa mga manggagawang kababaihan upang organisahin ang kanilang hanay at kumilos para baguhin ang kanilang abang kalagayan – nag-organisa, nagtayo ng mga unyon, at nagwelga laban sa mga kapitalista. Sa parehong panahon din naitayo ang iba't ibang sosyalistang organisasyon ng mga manggagawa sa bahagi ng Europa at Estados Unidos.

Noong 1910, isang internasyunal na kumperensya ang inilunsad ng mga sosyalistang organisasyon mula sa iba't ibang bahagi ng mundo. Ang Second International, isang organisasyon ng mga "socialist" at "labor parties", ay naglunsad ng pulong sa Copenhagen, Denmark noong Agosto 1910 - ang International Socialist Congress. Kaalinsabay ng pulong na ito ang Second International Conference of Socialist Women na dinaluhan ng mahigit 100 kababaihan na nagmula sa 17 bansa.

Center for Women's Resources
YEARS OF SERVICE
Since 1982

Sa kumperensyang ito, iminungkahi ni Clara Zetkin, isang German socialist, ang pagkakaroon ng Araw ng Kababaihan na may internasyunal na karakter bilang pagpupugay sa kilusang kababaihan ng mundo laban sa kapitalismo at bilang paggunita sa welga ng kababaihang manggagawa sa New York. Susog sa deklarasyong ito ng Second International, ipinagdiwang sa kauna-unahang pagkakataon ang Pandaigdigang Araw ng Kababaihan sa mga bansang Austria, Denmark, Germany at Switzerland noong Marso 19, 1911.

Mahigit isang milyong kababaihan at kalalakihan ang nagprotesta sa kalsada bitbit ang panawagan para sa karapatan sa trabaho, pagwawakas sa diskriminasyon, at karapatan ng kababaihan bumoto at maihalal.

Noong Marso 25, 1911, naganap ang malagim na trahedya sa Triangle Shirtwaist Company, New York City na tinaguriang "Tragic Triangle Fire". May 146 manggagawang kababaihan na Italian at Jew. Mayroon ding mga bata na edad 13-14 na hindi nakaligtas sa sunog.

Pinangunahan ng Women's Trade Union League at ng International Ladies' Garment Workers Union ang mga protesta para kondenahin ang trahedya kasama na ang silent funeral na dinaluhan ng mahigit 100,000 katao. Ang trahedya ng Triangle ay naghatid ng matinding epekto sa labor legislation ng Amerika.

Ang masahol na kalagayan sa pagawaan na nagdulot ng trahedyang ito ay tuluy-tuloy na binitbit sa mga sumunod na pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihan sa iba't ibang bahagi ng mundo.

Pinaka-makasaysayan ang naging papel ng manggagawang kababaihang Ruso sa Rebolusyong Rusya at sa kilusan ng kababaihan sa iba't ibang bahagi ng mundo. Bago pa ang rebolusyong Rusya, naitala na pinakaunang namuno sa mga welga ang kababaihang manggagawang Ruso noong 1870s.

Noong Marso 1913 (huling linggo ng Pebrero batay sa lumang kalendaryo ng Rusya o Julian calendar), sa bisperas ng Unang Digmaang Pandaigdig itinatak sa kasaysayan ng manggagawang kababaihang Ruso ang pinakaunang paggunita ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihan bilang pagtutol sa imperyalistang pananalakay at pasismo ng Tsar o hari ng Rusya.

Noong Marso 8, 1917 (Pebrero 23, 1917 sa Julian calendar), sa pamumuno ng nakawelgang kababaihang textile workers, bumuhos ang kababaihang Ruso sa munisipyo ng Duma. Nasa 90,000 manggagawa ang nagwelga bitbit ang panawagang "bread and peace" (o tinapay at kapayapaan) tanda ng laban para sa pagtatanggol ng kabuhayan at kapayapaan para wakasan ang gyera at ang pagbagsak ng Tsar sa tinaguriang Rebolusyong Pebrero.

Dahil sa mahalagang ambag na ito ng kababaihang manggagawang Ruso at pagkapanalo ng Rebolusyong Rusya ay opisyal na idineklara nito ang Marso 8 ng bawat taon bilang araw ng kababaihan.

Noong Disyembre 1977, pinagtibay ng UN General Assembly ang isang resolusyon na nagdedeklara ng United Nation's Day for Women's Rights and International Peace na tinaguriang International Women's Day tuwing ika-8 ng Marso.

## Ang Marso 8 sa Pilipinas

Ang diwa ng Marso 8 sa Pilipinas ay nagsimula sa panahon ng pakikibaka ng kababaihang Pilipino sa pananakop ng mga kolonyalistang Espanyol. Naipamalas ito sa kagitingan ni Gabriela Silang at Gregoria de Jesus laban sa mga Espanyol, tapang ni Teresa Magbanua sa pakikipaglaban sa Amerikano sa panahon ng gerang Pilipino-Amerikano, ang pagka-martir ng manggagawang si Lisa Balando at lider-kababaihang si Lorena Barros sa panahon ng Martial Law, at hanggang sa libu-libong kababaihang nakikibaka para sa kanilang karapatan at kalayaan hanggang sa kasalukuyan.

Ngunit ang paggunita sa Marso 8 bilang militanteng pagkilos ng kababaihan sa Pilipinas ay nagsimula lamang sa panahon ng paghahari ng diktadurang Marcos bunsod ng matinding kahirapan at pagsasamantalang nararanasan ng mamamayan lalo na ng kababaihan.

Unang ginunita ang Pandaigdigang Araw ng Kababaihan noong Marso 8, 1971 sa pangunguna ng MAKIBAKA (Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan) at KATIPUNAN (Katipunan ng Bagong Kababaihan) sa pamamagitan ng isang kilos protesta laban sa kahirapan.

Daan-daang kababaihang kabataan at kananayan mula sa hanay ng maralitang lungsod ang lumahok upang iprotesta ang mababang pasahod sa mga manggagawang kababaihan at 'di-makataong kondisyon sa paggawa.

Nang idineklara ni Marcos ang batas militar, natigil ang lantad na pagkilos ng kababaihan nang idineklara nitong ilegal ang MAKIBAKA. Sa kabila nito, lihim itong nag-organisa sa mga komunidad, pabrika, at kanayunan.

Nang maitatag ang GABRIELA noong Oktubre 1984, muling nabuhay ang militanteng paggunita ng Marso 8 sa buong bansa bilang Pandaigdigang Araw ng Kababaihang Anakpawis. Ang patuloy na militanteng pagkilos ng kababaihan sa buong bansa para sa paggigiit ng mga batayang karapatan at mga kahingian ay nagmulat sa iba pang kababaihan sa hanay ng manggagawa, magsasaka at maralitang lungsod sa kahalagahan ng militanteng pagkilos, pagkakaroon ng samahang pangkababaihan, at pakikipagkapit-bisig sa iba pang aping sektor para sa pagsusulong ng mga batayang interes at karapatan.

Panahon din ng diktadura nang humugos sa lansangan ng Mendiola ang mahigit 10,000 kababaihan upang magprotesta laban sa pang-aapi, represyon, paglabag sa karapatang tao, kahirapan, at matinding korapsyon. Ang diwa ng pagkilos noong Oktubre 28, 1983 ang naging tuntungan ng taunang mobilisasyong ginaganap sa pangunguna ng GABRIELA, ang Pambansang Araw ng Protesta ng Kababaihan (National Women's Day of Protest).

Ang mahahalagang araw na ito ay nagsilbing daluyan para sa pagsasanay ng mga kababaihang lider at pagkakamit ng mga kagalingan para sa higit na pagpapatatag at pagpapalawak ng samahan.

## Ano ang aral sa makasaysayang araw na ito?

Pinatunayan ng kasaysayan na sa militante at walang kapagurang pagkilos lamang makakamit ng mga kababaihan ang kanilang batayang karapatan at lehimitong kahingian. Kailanman hindi kusang ibinibigay ng mga naghaharing-uri tulad ng mga kapitalista at estado ang mga batayang karapatan at kahingian ng mamamayan tulad ng seguridad sa trabaho at panlipunang serbisyo, at kaligtasan sa anumang porma ng karahasan.

Sa gitna ng tumitinding pandaigdigang krisis, kailangan ang patuloy na militanteng pagkilos ng kababaihan para labanan ang tumitinding atake sa sahod, trabaho, kabuhayan, at iba pang mga karapatan dulot ng patuloy na pagpapatupad ng mga neoliberal na patakaran na lalong magsasadlak sa mamamayan sa matinding kahirapan.

Kasabay na dapat labanan ang pampulitikang panunupil, militaristang atake, interbensyong militar, gerang agresyon, at panghihimasok ng mga imperyalistang bansa na lalong maglalantad sa kababaihan sa panganib at pagsasamantala.

Ngayon, higit kailanman, dapat na pag-ibayuhin ng kababaihan ang pagkilos at pagsasabuhay ng diwa ng Marso 8 tungo sa hinahangad na tunay na pagbabago – ang katuparan ng maalwan, maunlad, ligtas, at malayang lipunan para sa kababaihan at mamamayan.

Center for Women's Resources

YEARS OF SERVICE
Since 1982








noong 1970, inorganisa ng Women's Organizing Committee (WOC) ng Sadeka sa pangunguna ni Lorie Barros ang Makibaka, ang kauna-unahang bagong pambansang-demokratikong samahang pangkababaihan. Ang piket na ito sa Binibining Pilipinas sa Araneta Coliseum noong April 18 1970 ang unang pangmasang-pagkilos ng Makibaka. Ang nakasulat sa isang plakard: "Ang kababaihan ay dapat makibaka para sa pambansang demokrasya".

